

"SA PAMAMAGITAN NG IYONG PANANAMPALATAYA, TINANGGAP MO ANG KATUWIRAN NI CRISTO...TANGING ANG KATUWIRAN NI CRISTO LAMANG ANG KAILANGAN MO UPANG IKAW AY MALIGTAS."

I Am...
God's child by faith alone - Tagalog
Copyright © 2020 - WELS - BWM
Tract 1 of 6-MLP Cat No 385527

Multi-Language Productions
Bringing the Word to the World
wels.net/mlp

# Ako ay



## ANAK NG DIYOS SA PAMAMAGITAN NG PANANAMPALATAYA LAMANG

# Ako ay anak ng Diyos sa pamamagitan ng pananampalataya lamang

Bilang isang Luterano, ang aking pananampalataya ay maibubuod sa tatlong parirala: pananampalataya lamang, kagandahang-loob ng Diyos lamang, at Salita ng Diyos o Biblia lamang. Ngunit ano ang ibig kong sabihin na ako ay anak ng Diyos sa pamamagitan ng pananampalataya lamang?

Una, mahalagang maunawaan kung ano ang pananampalataya. Marahil ay narinig mo na ang mga salitang, "Maging matatag ka sa pananampalataya!" o "Basta manampalataya ka lang!" Sa nabanggit na mga pangungusap, ang pananampalataya ay ipinapakahulugan bilang pag-asa sa mabuting bunga o wakas. Sa ganoong konteksto, ang pananampalataya ay itinuturing na isang magandang pakiramdam na magiging maayos ang lahat. Kung sinasabi kong ako ay ligtas mula sa kaparusahang walang hanggan sa pamamagitan ng pananampalataya lamang, ang ibig bang sabihin ay nagmumula ang aking pag-asa sa aking magandang pakiramdam na magiging maayos ang lahat? Ganito ba ang pakahulugan ng Biblia sa salitang pananampalataya? Hindi kailanman.

## ANG PANANAMPALATAYANG NAKAPAGLILIGTAS AY NA KAY CRISTO





Kung ang pananampalataya ay hindi lamang isang magandang pakiramdam at pag-asa na magiging maayos ang lahat, ano ito? Ano ang pakahulugan ng Biblia sa pananampalataya? Sinasabi sa atin ni San Pablo ang lahat ng kailangan nating malaman tungkol sa pananampalataya nang kanyang sabihin, "Ang aking pagiging matuwid ay hindi sa pamamagitan ng pagsunod sa Kautusan, kundi sa pananalig kay Cristo. Ang pagiging matuwid ko ngayo'y buhat sa Diyos, sa pamamagitan ng pananampalataya" (Filipos 3:9)

Sinasabi sa atin ni Pablo kung ano ang pananampalataya at kung ano ang ginagawa ng pananampalataya. Ang pananampalatayang nakapagliligtas ay "kay Cristo." Ang pananampalataya ay pagtitiwala kay Jesu-Cristo at sa kanyang ginawa. Ano ang ginagawa ng pananampalataya? Ang pananampalataya ang tumatanggap ng katuwiran ni Cristo.

Ihambing natin ang pananampalataya gaya ng isang bahagi ng ating katawan. Nakakikita tayo sa pamamagitan ng ating mga mata. Nakaririnig tayo sa pamamagitan ng ating tainga. Nakaaamoy tayo at nakahihinga sa pamamagitan ng ating ilong at bibig. Sa pamamagitan ng pananampalataya, tinatanggap natin ang katuwiran ni Cristo.

Ano ang katuwiran? Isang paraan ng paglalarawan sa katuwiran ay "banal na kasakdalan". Sinasabi sa atin ng Diyos na tinatanggap natin ang banal na kasakdalan sa pamamagitan ng pananampalataya. Ngunit walang sinumang nagtataglay ng banal na kasakdalan liban kay Jesu-Cristo. Kung tayo ay nananampalataya kay Jesu-Cristo, pinagkakalooban tayo ng Diyos ng banal na kasakdalan o katuwiran. Ang pananampalataya ang sangkap na tumatanggap ng dakilang kaloob na ito ng Diyos.

Kaya, kung sinasabi kong ako ay ligtas sa pamamagitan ng pananampalataya lamang, nagtitiwala akong ang tangi kong kailangan upang ako ay maligtas ay ang katuwiran ni Cristo.

Ang buong Biblia ay nagpapahayag ng katotohanang ito. Matatagpuan ito sa Lumang Tipan. "Si Abram ay sumampalataya kay Yahweh, at dahil dito, siya'y itinuring ni Yahweh bilang isang taong matuwid (Genesis 15:6). Ito rin ang itinuturo ni Jesus sa Bagong Tipan. "Sapagkat gayon na lamang ang pag-ibig ng Diyos sa sangkatauhan, kaya't ibinigay niya ang kanyang kaisa-isang Anak, upang ang sinumang sumampalataya sa kanya ay hindi mapahamak, kundi magkaroon ng buhay na walang hanggan" (Juan 3:16). Hindi sinasabi ni Jesus, "Sinuman ang sumampalataya at magsikap na maging mabuting tao." Sinasabi niya, "Sinuman ang sumampalataya sa kanya."

Maliwanag na ang aking kaligtasan, at ang iyo ring kaligtasan, ay nakasalalay sa katuwiran ni Cristo, ibig sabihin, sa kanyang banal na kasakdalan na ipinagkakaloob sa atin sa pamamagitan ng pananampalataya. Itinuro ni Jesus ang "pananampalataya lamang". At tinatanggap ko ang kanyang turo bilang katotohanan.

